

Andamyo at iba pang tula

Allan Popa

*Ang isdang napawalay sa kawan,
Di makaahon sa hunasan.*

*Bawat pagdating
ng alon sa baybayin,
paglisan na rin.*

SIGNOS SA ANYO NG DALIT

1.

Tiyakin bago gumising
ang bawat lagas na ngipin,
isa-isa mong pulutin
walang iiwan sa dilim.

2.

Sa laot unang namulat
sa kalaliman ng dagat
di maihulog ang lambat
dahil napakaliwanag.

GHAZAL SA PAGLALAYAG

Panatag ang laot na sumalubong sa pagbabalik natin.
Malinaw ang salamin na walang mukhang ibinalik sa atin.

Initsa natin nang buong lakas ang bingwit na may pain.
Nang may humatak, putol na kamay ang bumalik sa atin.

Niluwagan natin ang mga daliri sa pagkakapit upang bumitiw.
Sunod na iniamba sa dagat ang sibat na hindi na naibalik sa atin.

Lumutang ang duguang paa na inakalang sagpang ng pating.
Tinalian natin ito ng angkla upang hindi na bumalik sa atin.

Inihulog natin ang lambat kung saan kumislap ang bugiw.
Nang iahon ang huli, ulong pugot ang bumalik sa atin.

Pinigil natin ang hininga at sumisid upang ibaon ito sa buhangin.
Ngunit anumang sikad, hindi natin marating ang pinakailalim.

Lumutang-lutang nang walang laman ang bangka natin.
Tatanda ang mga batang naghihintay sa pagbabalik natin.

SANTELMO: ISANG AMBAHAN

Apoy ng kaluluwa
Ng kapwa mangingisda
Paraanin mo nawa
Ang hamak naming bangka.

Kung ikaw ma'y sasampa
Ilawan ang pagtugpa,
Pag abo na ang baga
Ihahatid ka sa lupa.

ANDAMYO (PAMALAYE SA BUNGAD NG PAGTAWID)

Tao po, Manong Bangkero
ilatag n'yo ang andamyo
upang makahakbang ako
sa duyan ng bangka ninyo.

Lupa'y nagiging buhangin,
di alam kung sa'n dadalhin
ng paang 'di mapipigil,
maging tubig, lalakaran.

Iginuhit na hanggahan
ng islang walang pagtahan
buburahin sa pasigan
ng dagat, hangin, at ulan.

Iiwan ang lansa't alat
na makapit sa balat,
tatalikuran ang bigat
ng katig sa'king balikat.

Kung saan tayo dadaong
hayaan ang mga alon
na magturo ng direksyon,
asahan mong di lilingon.

Wala akong pamasaha,
wala ring dalang bagahe
kundi awit sa pagbiyahe.
Sumagwan ka sa paghele.

Hinahatak na ang layag
ng malakas na habagat.
Di maipagpapabukas
ang napipintong paghigad.

TANAGA SA ANAK NG DAGAT

Malinaw na narinig
ang kalansing sa tubig,
sinundan sa pagsisid
ng batang di bumalik.